

**County ng Santa Clara**  
**Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan**

Opisyal ng Pangkalusugan  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Floor  
San José, CA 95126  
408.792.3798



**KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NANGANGAILANGAN SA ILANG MGA PASILIDAD NG HEALTHCARE SA LOOB NG COUNTY NA MAGBIGAY NG DYAGNOSTIKONG PAGSUSURI SA COVID-19 SA MGA TAONG MAY SINTOMAS, MGA TAONG NAKIPAGSALAMUHA NANG MALAPITAN SA MGA KUMPIRMADONG KASO NG COVID-19, AT MGA TAONG INIREKOMENDA NA TUMANGGAP NG PAGSUSURI**

**PETSA NG KAUTUSAN: Enero 31, 2022**

**Mangyaring maingat na basahin ang Kautusan na ito. Ang paglabag ng o kabiguan sa pagsunod sa Kautusang ito ay isang misdemeanor na mapaparusahan sa pamamagitan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*; California Penal Code §§ 69, 148(a)(1); Kodigo ng Ordinansa ng Santa Clara County § A1-28.) Ang paglabag sa kautusang ito ay may akmang parusa din sa ilalim ng Urgency Ordinance No. NS-9.291 ng Santa Clara County, na nagtataguyod ng programang nagpapatupad ng sibil at nagpapahintulot ng mga administratibong multa para sa mga paglabag sa mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan at iba pang mga batas na nauugnay sa pandemyang COVID-19.**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYONG 101040, 101085, AT 120175 AT KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYONG A18-28 HANGGANG A18-32, INIUTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. Simula sa epektibong petsa at oras ng Kautusang ito na ibinigay sa Seksyon 16, ang Kautusang ito ay pumapalit sa Setyembre 16, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na nag-uutos sa mga Pasilidad ng Healthcare sa Santa Clara County ("County") na magbigay sa ilang mga kategorya ng kanilang mga Pasyente ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19. Binabago ng Kautusang ito ang mga kategorya ng mga Pasyente kung kanino magbigay ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 ang mga Pasilidad ng Healthcare. Simula sa epektibong petsa at oras ng Kautusang ito, ang lahat ng mga Pasilidad ng Healthcare ay kinakailangang sumunod sa mga probisyon ng Kautusang ito.
2. Ang layunin ng Kautusang ito ay ang pagtiyak ng access sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 para epektibong pumigil at magkontrol ng COVID-19 sa ating komunidad at para matiyak na ang mga Pasyente ay may patuloy at nakahandang access sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 mula sa mga Pasilidad ng Healthcare. Ang pagpapalawak ng

Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 ay mahalaga dahil ito ay nakakatulong sa pagkilala sa mga indibidwal na nahawaan ng virus na nagdudulot ng COVID-19 (SARS-CoV-2), nagtitiyak na ang mga indibidwal na iyon ay nakakatanggap ng naaangkop na pag-aalaga, nagpoprotekta sa mga mahihinang populasyon, naglilimita ng pagkalat ng COVID-19, at sa huli ay pipigil ng malubhang sakit at pagkamatay. Para makatulong ang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa epektibong pagpigil at pagkontrol ng COVID-19 at mabilis na magtukoy ng mga tao na makikinabang mula sa paggamot, gayunpaman, ang mga indibidwal ay dapat umunawa kung kailan sila kwalipikado para sa pagsusuri at dapat makapag-access sa naturang pagsusuri, at kanilang mga resulta sa pagsusuri nang mabilis at walang labis na mga hadlang.

3. Ang lahat ng mga Pasilidad ng Healthcare sa County ay dapat magbigay ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa bawat sumusunod ng mga kategorya ng mga Pasyente ng Pasilidad ng Healthcare na naghahanap ng pangangalaga, kabilang ang pagpapasuri para sa COVID-19, personal man o remotely, gaya ng sa pamamagitan ng telepono o elektronikong mensahe:
  - a. Lahat ng mga Taong may Sintomas, tulad ng natukoy sa Seksyon 11, anuman ang edad, katayuan ng pagkakaospital, mga comorbidity, o iba pang mga kadahilanan sa panganib sa COVID-19;
  - b. Lahat ng tao, mayroon o walang mga Sintomas ng COVID-19, tulad ng tinukoy sa Seksyon 11, na nag-ulat na nalantad sila sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa loob ng huling 10 araw; at
  - c. Lahat ng tao na inirekomenda o kinakailangan ang pagsusuri sa ilalim ng kasalukuyang patnubay ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California o ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ng Santa Clara (“Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County”) maliban sa mga Pasilidad ng Healthcare ay hindi kinakailangan na magbigay ng regular na surveillance testing sa mga estudyante sa K-12. Wala sa subseksyong ito ang dapat basahin para mapigil ang kinakailangan sa mga Pasilidad ng Healthcare na magbigay ng pagsusuri sa mga estudyante ng K-12 na nakatugon sa mga kinakailangan ng mga kategorya (a), (b), o (c) para sa mga kadahilanan maliban sa regular na surveillance testing (hal., mga estudyante na may sintomas o nag-ulat na nalantad sila sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19).
4. Maaaring magtanong ang mga Pasilidad ng Healthcare sa Pasyente kung ang Pasyente ay napabilang sa kategorya na inilarawan sa Seksyon 3 ngunit hindi maaaring humiling ng karagdagang katibayan ng kwalipikasyon para sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay hindi rin maaaring humigpit ng access sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 para sa sinumang Pasyente sa mga kategoryang (a) o (b) sa Seksyon 3 batay sa petsa ng dating Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 ng Pasyente, dahil ang mga bagong pagkakatantad o mga imbestigasyon sa pamublikong pangkalusugan ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ay maaaring mangailangan ng

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
para sa Ilang Pasilidad ng Healthcare  
upang Mag-alok ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19  
(Reb. 1/31/2022)

madalas na pagpapasuri. Para sa mga Pasyente na napabilang lamang sa kategorya (c) sa Seksyon 3, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat magbigay ng access sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 kung hiniling ng Pasyente sa panahon na ang pagsusuri ay inirekomenda sa ilalim ng patnubay ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California o ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County. Kung may mga pagkakaiba sa pagitan ng patnubay na ibinigay ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California o ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat sumunod sa patnubay na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County.

5. Ang Pasilidad ng Healthcare na nagbibigay ng pangangalaga sa Pasyente ay dapat magbigay ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa loob ng 24 na oras kung kailan humiling magpasuri sa COVID-19 ang Pasyente, personal man o remotely. Ang mga Pasyente na remotely na naghahanap ng pangangalaga ay maaaring isangguni para sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa partikular na klinika o testing center na pinapatakbo ng Pasilidad ng Healthcare na nasa loob ng Santa Clara County, o sa isang klinika o testing center na pinapatakbo ng Pasilidad ng Healthcare na nasa labas ng County ngunit sa loob ng 10 milya ng tahanan ng Pasyente, hangga't ang Pasyente ay mabibigyan ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa loob ng 24 na oras.
6. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat magbigay sa mga Pasyente sa Seksyon 3 ng mga resulta ng PCR COVID-19 Diagnostic Testing o anumang iba pang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 na hindi nagbibigay ng agarang resulta sa loob ng tamang oras na hindi lalampas sa 72 oras mula sa oras na nakolekta ang ispesimen ng Pasyente para sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19. Kung ang mga Pasilidad ng Healthcare ay hindi makapagbigay ng mga resultang ito sa loob ng 72 na oras, dapat silang magbigay ng antigen COVID-19 Diagnostic Testing sa Pasyente bilang karagdagan sa PCR COVID-19 Diagnostic Testing. Hangga't ang Pasilidad ng Healthcare ay hindi makapagbigay ng mga resulta ng COVID-19 Diagnostic Testing sa mga Pasyente sa loob ng kinakailangang oras ng Seksyong ito, ang Pasilidad ng Healthcare ay dapat magbigay-alam sa County ng mga kadahilanan para sa pagkaantala at ang mga hakbang na ginagawa ng Pasilidad ng Healthcare para malutas ang pagkaantala sa loob ng 24 na oras ng malaman ang pagkaantala sa [www.scccovidconcerns.org](http://www.scccovidconcerns.org). Ang Pasilidad ng Healthcare ay dapat maglutas ng pagkaantala sa loob ng 14 na araw ng pag-ulat ng pagkaantala sa County.
7. Kung saan naaangkop, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat maghanap ng kabayaran mula sa group health plans ng Pasyente o health insurance providers para sa anumang bayarin, gastos, o singil na natamo sa pag-order o pagkumpleto ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa ilalim ng Kautusang ito. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat sumunod sa lahat ng mga batas at regulasyon ng estado at/o pederal hinggil sa reimbursement para sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19, kabilang ang anumang mga batas at regulasyon na nagbabawal sa mga Pasyente na sisingilin para sa mga bayarin, gastos, o singil na may kaugnayan sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19.

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
para sa Ilang Pasilidad ng Healthcare  
upang Mag-alok ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19  
(Reb. 1/31/2022)

8. Wala sa Kautusang ito ang nagbabawal sa isang Pasilidad ng Healthcare na mag-alok din ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa iba pang mga kategorya ng mga tao batay sa sarili nitong paghuhusga. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay mariing hinihimok na magpalawak ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 hangga't maaari. Gayunpaman, ang mga Pasilidad ng Healthcare ay hindi makakapili na unahin ang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 para sa mga Pasyene na hindi kasama sa Seksyon 3 kaysa sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 para sa mga Pasyente na kasama sa Seksyon 3.
9. Ang mga Pasilidad ng Healthcare sa County ay dapat magpatuloy na sumunod sa lahat ng mga naaangkop na mga kinakailangan sa pag-uulat hinggil sa mga resulta ng pagsusuri.
10. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat mag-update ng anumang impormasyon na kanilang ibinigay sa mga Pasyente hinggil sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19, kabilang ngunit hindi limitado sa kwalipikasyon ng Pasyente, upang maging katulad sa mga kinakailangan na nakasaad sa Kautusang ito. Ang anumang public- o patient-facing website, kabilang ang anumang web-based na mga madalas na katanungan, ay dapat ma-update para katulad sa Kautusang ito. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat ding magbigay ng abiso sa lahat ng mga healthcare provider at iba pang kawani na nakipagsalamuha sa mga Pasyente hinggil sa mga kinakailangan sa Kautusang ito at kung paano ang Pasilidad ng Healthcare ay tumitiyak ng access sa pagsusuri alinsunod sa Kautusang ito. Hangga't ang Pasilidad ng Healthcare ay may region-specific public- or patient-facing website (gaya ng para sa Northern California, sa Bay Area, sa Peninsula, o sa South Bay), dapat partikular na tandaan ng Pasilidad ng Healthcare na ang mga Pasyente na tumatanggap ng pangangalaga sa County ay kwalipikado na makatanggap ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 alinsunod sa Kautusang ito kung sila ay Pasyente na inilarawan sa Seksyon 3. Bilang karagdagan, hindi lalampas sa Pebrero 10, 2022, dapat isapubliko ng lahat ng mga Pasilidad ng Healthcare ang impormasyon sa mga Pasyente para matiyak na ang mga Pasyente ay nakakaunawa kung paano i-access ang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 sa pamamagitan ng kanilang healthcare provider. Ang pagpapasapubliko na ito ay dapat sa anyo ng Abiso sa Pagsusuri ng Pasyente na available sa [www.sccgov.org/covidtestingnotice](http://www.sccgov.org/covidtestingnotice). Dapat isapubliko ng mga Pasilidad ng Healthcare ang impormasyong ito sa pamamagitan ng kanilang mga standard communication channel at mga pamamaraan, kabilang ngunit hindi limitado sa:
  - a. Kapansin-pansin na pagpaskil ng Abiso sa Pagsusuri ng Pasyente sa bawat waiting area ng pasyente, exam room, at treatment room.
  - b. Kapansin-paansin na pagpaskil ng Abiso sa Pagsusuri ng Pasyente sa public- o patient-facing websites, kabilang ang anumang web page o sa anumang web-based o mobile application kung saan makaka-iskedyul ng mga appointment ang mga Pasyente.
  - c. Pagsama ng Abiso sa Pagsusuri ng Pasyente (o lahat ng material information sa loob nito) sa lahat ng promosyonal, impormasyonal, o iba pang katulad na mga materyal na

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
para sa Ilang Pasilidad ng Healthcare  
upang Mag-alok ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19  
(Reb. 1/31/2022)

nauugnay sa COVID-19 na ipinamamahagi ng Pasilidad ng Healthcare sa mga Pasyente.

- d. Pagpapadala ng isang elektronikong mensahe o e-mail sa lahat ng Pasyente na nakakatanggap ng pangunahing pangangalaga sa Pasilidad ng Healthcare na kasama ang Abiso sa Pagsusuri ng Pasyente sa e-mail. Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat magpadala ng elektronikong kopya ng template na mensahe sa [scc.testingorder@cco.sccgov.org](mailto:scc.testingorder@cco.sccgov.org) sa oras na pinapadala ito sa mga Pasyente.

Ang mga Pasilidad ng Healthcare ay dapat tumiyak din na ang pag-access sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 ay madali sa pamamagitan ng, halimbawa, drive-through at walk-up testing sites at online systems na pumapayag sa mga Pasyente na makita at mag-book ng mga available na time slot upang makatanggap ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19. Gayunpaman, ang isang Pasilidad ng Healthcare ay hindi maaaring mangailangan sa mga Pasyente na mag-iskedyul muna ng appointment sa isang provider para masuri ng maaga para sa kwalipikasyon sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19. Kapag natanggap ang abiso mula sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County na ang anumang pamamaraan ay hadlang sa mabilis na access sa Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19, ang Pasilidad ng Healthcare ay dapat tumigil ng pamamaraan na iyon.

#### 11. Mga Kahulugan.

Para sa layunin ng Kautusang ito, ang mga sumusunod na salita ay may kahulugan sa ibaba:

- a. Ang “Pasyente” ay nangangahulugan ng sinumang tao na (1) nakakatanggap ng pangunahing pangangalaga mula sa Pasilidad ng Healthcare; (2) naatasan sa Pasilidad ng Healthcare (o sa isang network na kasama ang naturang pasilidad) ng isang insurer o magkatulad na payor; (3) tumatanggap ng in-patient care mula sa Pasilidad ng Healthcare; o (4) kasalukuyang tumatanggap ng pangangalaga mula sa isang pasilidad ng urgent care, emergency department, o ibang pang katulad na pasilidad na nagsisilbi sa mga miyembro ng publiko na batay sa walk-in.
- b. Ang “Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19” ay nangangahulugan ng paggamit ng molecular test, gaya ng PCR, o isang antigen COVID-19 Diagnostic Test upang matuklasan ang SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 ay natukoy na magsasama ng anumang molecular o antigen test na awtorisado ng United States Food and Drug Administration.
- c. Ang “Pasilidad ng Healthcare” ay nangangahulugan ng (1) anumang klinika, urgent care facility, emergency department, o ibang pang katulad na pasilidad na matatagpuan sa County na pagmamay-ari, direkta o hindi direkta, ng isang entidad na nagmamay-ari o nagpapatakbo rin ng isang acute care hospital, hindi alintana kung saan matatagpuan

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
para sa Ilang Pasilidad ng Healthcare  
upang Mag-alok ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19  
(Reb. 1/31/2022)

ang naturang acute care hospital; at (2) anumang acute care hospital na matatagpuan sa County.

- d. Ang “Sintomas ng COVID-19” ay nangangahulugan ng sintomas na katulad ng COVID-19, kabilang, ngunit hindi limitado sa, ubo, kakapusan sa hininga, nahihirapan sa paghinga, lagnat (nasukat o naramdaman), panginginig, rigors, myalgia, pananakit ng ulo, pananakit ng lalamunan, o pagkawala ng pang-amoy o panlasa, o anumang iba pang mga sintomas ng COVID-19 na kasama sa patnubay ng U.S. Center for Disease Control sa <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>.
  - e. Ang “Taong may Sintomas” ay nangangahulugan sa sinumang indibidwal, anuman ang edad, na may Sintomas ng COVID-19.
12. Inilabas ang Kautusang ito batay sa pangangailangan para taasan ang agarang pagsusuri para matuklasan ang COVID-19 sa loob ng County. Dahil sa pagpapatuloy ng pandemyang COVID-19 sa lokal, rehiyon, buong bansa, at sa buong mundo, mayroong public health emergency sa buong County. Mas lalong tumaas ang pangangailangan sa agarang pagsusuri dahil sa pagdami ng mga kaso na dulot ng mga mas agresibong variant gaya ng mga Delta at Omicron variant. Ang sapat at agarang Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19 ay mahalaga para matuklasan ang parehong may mga sintomas at walang mga sintomas na impeksyon, mahinto ang pagkalat ng virus, matiyak na ang mga indibidwal na may COVID-19 ay makakatanggap ng naaangkop na pangangalaga, magtukoy ng mga kaso at magbukod sa kanila, at sa gayon ay mapapabagal ang pagkalat ng virus hangga’t maaari para maprotektahan ang mga pinakamahinang tao, pipigil ng mga impeksyon at malubhang sakit at pagkamatay, at pipigil na mahirapan ang healthcare system.
  13. Inilabas din ang Kautusang ito dahil sa umiiral na mahigit sa 270,000 na mga naulat na kaso ng COVID-19 sa County, halos 2,000 ang namatay, at patuloy na laganap na pagkakahawa ng komunidad.
  14. Inilabas ang Kautusang ito alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni, sa Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng State of Emergency na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, sa Marso 12, 2020 na Executive Order (Executive Order N-25-20) na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, sa Pebrero 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan Hinggil sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan; sa Pebrero 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng mga Serbisyong Pang-emergency ng County na Nagdedeklara ng Lokal na Emergency sa County; sa Pebrero 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Deklarasyon ng Lokal na Emergency sa Kalusugan; sa Pebrero 10, 2020 Resolusyon ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara na Nagpapatibay at Nagpapalawig ng Proklamasyon ng Lokal na Emergency, at sa patnubay na inilabas ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County o ng Departamento ng

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
para sa Ilang Pasilidad ng Healthcare  
upang Mag-alok ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19  
(Reb. 1/31/2022)

Pampublikong Pangkalusugan ng California, na ang bawat isa sa kanila ay maaaring nadagdagan o nabago.

15. Para sa mga layunin ng Kautusang ito at sa civil enforcement authority na itinatag ng Urgency Ordinance No. NS-9.291, bawat pagkakataon ng pagkabigo ng Pasilidad ng Healthcare na sumunod sa anumang indibidwal na probisyon ng Kautusang ito ay magbubuo ng hiwalay at solong paglabag sa Kautusang ito.
16. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo sa 12:01 AM ng Pebrero 7, 2022 at patuloy na may bisa hanggang sa ito ay pinalawig, tinanggal, pinalitan, o binago sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.
17. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) maging available sa County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County ([www.sccphd.org](http://www.sccphd.org)); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.
18. Kung mapawalang bisa ng isang court of competent jurisdiction ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ang natitirang Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

**ITO AY INIUTOS:**

\_\_\_\_\_  
Sara H. Cody, M.D.  
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Petsa: \_\_\_\_\_

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

\_\_\_\_\_  
James R. Williams  
Abugadong Tagapayo ng County

Petsa: \_\_\_\_\_

Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County  
para sa Ilang Pasilidad ng Healthcare  
upang Mag-alok ng Dyagnostikong Pagsusuri sa COVID-19  
(Reb. 1/31/2022)